**Abstract**

Ang mga tulang nakapaloob sa koleksiyong ito ay isang pagsipat sa daigdig ng mga insekto --pagsasaberso ng kanilang uniberso. Sa pagsipat na ito ay sinubok kong ilahad kung paanong ang kanilang liit ay nagpapahiwatig ng mabibigat na kabatiran. At kung paanong ang kanilang liit ay may malaking kahulugan at kabuluhan. Hindi lamang sa personal nating danas kundi sa ating kalunos-lunos na kalagayang politikal at panlipunan.

**Keywords**
pakpak
langaw
ipis
gamugamo

**English titles**
Flutter of Tiny Wings

# PAGASPAS NG MGA MUNTING PAKPAK

*mga tula*

**JHIO JAN A. NAVARRO**

# PAGASPAS NG MGA MUNTING PAKPAK

Lagi kong inaabangan
ang pandanggo ng mga alitaptap
sa pagi-pagitan ng mga dahon at sanga
ng aratiles at mangga.

Lalo na sa tuwinang
kumakapal ang dilim at hindi
naililihim kung bakit sa pagsapit
ng hatinggabi ay marami
ang nalalagutan ng hininga.

At bagama't hindi maaninag,
may katiyakan ang pagaspas
ng munting mga pakpak
sa paglutang ng mumunting kudlit
ng kutitap sabay sa ihip-alon ng amihan.
Binubutas ang kapal ng dilim
sa bitbit na maninipis na silahis ng liwanag.
Hinuhubog, inuukit sa mga hugis
na walang pangil, walang tulis.

# HINDI NAGPATIWAKAL ANG GAMUGAMO

Kung manulak ang dilim
tila tiyak ang pagkahulog mula
sa silyang pinatarik ng lubid.

Kung manghatak ang liwanag
tila langit ang pagitan
ng kisame't sahig.

Walang pagpapatiwakal.
Sadyang naipit lamang ang gamugamo
sa gitna ng lagablab at anino.

# LANGIT NG SALAGUBANG

Matapos ipitin at itali ang pakpak upang
paglaruan hanggang di na makakilos, makalipad,
saan napupunta ang kaluluwa ng mga salagubang?

Matapos alugin at mahulog mula sa mga sanga't dahon
ng mangga at igisa upang ulam sa pananghalian,
may langit ba silang madaratnan?

May isang napadpad malapit sa pinto
noong nakaraan. Inakalang ipis ng kapatid kong tatlong
taong gulang, tsinelas ang naging kapalaran.

Ang ipis? Hayaan na ang ipis sa mga sulok at siwang.
Ang tula ay tungkol sa langit ng mga salagubang.

# KUMPISAL NG LANGAW

Tulad ng lamok mayroong ibinubulong ang langaw.
Laging nakikiusap sa marahang paglapat
ng kanilang dalawang munting paa sa harap.
Tila taimtim na nagdarasal. Marami silang nais ikumpisal.

Nakahapon sila sa mga mumo sa hapag
nang baklasin ang pinto at damputin ang mamang
kagagaling lamang sa maghapong paghahalo ng semento.

Naroon sila sa tumpok ng basura sa may sulok ng kalsada
nang puwersahang ipasok sa sasakyan ang binatang
napag-utusan lamang na bumili ng mantika.

At bago pa man may makapagtirik ng kandila at magmantsa
ang lawa ng dugo sa maninipis na pahinang nag-uulat ng pamamaslang
naroon na sila sa mga bangketa at eskinita, nagpupugay
sa katawang tinadtad ng bala.

Walang hustisya, walang katarungan sapagkat
walang balarila ang ugong ng langaw.

# TIKATIK AT ALIMUOM

Sa tuwinang nakatuon ang titig
ng bagyo banda rito ay laging
nasusumpungan sa di makitang mata
ang mga pusikit na alaala
ng kawalan at pagkawasak.
Kambal na bunga ng pulot-gata
ng bugso ng hangin at pusok ng ulan.

At pagdaka'y nagbabago
ang amoy at ingay.
Sangsang ng tsangaw
sa dapithapon ang alimuom.
Hudyat ng pagdatal ng isang
sakdal lupit na aswang.
Ugong ng bangaw
ang mga tikatik sa bubong.
Hiwatig ng mga putikan
at nabubulok na laman.

Ang tikatik, ang alimuom.
Gaano man kahigpit
ipihit ang bintana't pintuan
ay manunuot kahit
sa pinakamaliliit na siwang.

# OYAYI SA MAKATA NG LAYA

Ilapag ang lapis at papel sa mesa
Hipan ang kandila, buksan ang bintana't
Hayaang hagkan ng mahahabang buhok
Ng buwan ang mga saknong at taludtod
Na tila anting-anting na pinagpapala ng Babaylan.

Humiga, pumikit, umidlip.
Panaginip ay bayaang gumunita
Ng danas sa lilim ng bubong
Ng mga inalipusta't pinagkaitan,
Ng mga ipinagkanulo't sinamantala;
Ng pakikibaka mula sa pusod
Ng Kanlaon, Sierra Madre, at Madyaas
Hanggang sa hanggahan ng bituka
Ng Lapiang Malaya, EDSA at Mendiola.

Umidlip, bayaang maglakbay
Ang hinagap sa hapit at hangad na hinaharap
Kung kailan at saan, korido
Nina Emmanuel, Lean, Lorena,
At marami pang bayani ng aklas
Ay inaawit sa saliw ng ambahang habi
Ng katutubong dilang pilit pinipi;
Kung saan walang danak ng dugo't
Tagaktak ng luha pagkat mga kalapati'y
Bumabagtas sa sulok ng mga alapaap
Di gapos, di bihag ng tatsulok; at
Mga salagubang ay lumilipad
Palipat-lipat sa puno ng manggang maibigan
Di alipin ng sinulid, di bigkis
Ng walang hanggang pagpagaspas
Paikot sa siklo ng dusang
Tanging ginhawa'y kamatayan.

Bukangliwayway ay nalalapit, ngunit
Habang hindi pinipilas ng sabik
Na araw ang guhit ng halik
Ng langit sa dagat, umidlip kahit saglit
Pahinga't timpi ay marapat.
Muling pagtutuos ay nagbabadya.
Humugot ng lakas sa layon,
Gunita ng danas at hinagap.
Umidlip kahit saglit at
Padayon, sa muling pagmulat
Pagniigin ang lapis at papel
Baybayin ang sugidanon ng lupa
Bigkasin ang tugma ng pakikibaka
Awitin ang talinghaga ng paglaya.

Ang masa ang musa,
Padayon, padayon sa iyong paggising,
Makata.

# BUTTERFLY, 1985*

*(pasintabi kay Pacita Abad)*

Tanging sa pagsunod sa mga kurba maaaninag
ang mga pakpak na ikinukubli ng sambulat ng sanlaksang
guhit, hugis at kulay.

Gayon pa man, hindi bihag ng mata ang pakpak.
Taglay ang alaala ng parang, matulin na papagaspas.
Babagtas sa haba at lapad ng kambas.

Sasalimbay sa mga sulok, at minsa'y magsusumiksik
sa mga talulot ng hindi matukoy na bulaklak.

Iniiwasan ang tingin. Inililihis ang titig,
ang mapang-usig na daliri ng musmos
na nag-akalang ang paruparo ay ang pakpak